Contra Costa County
Lupon ng mga Superbisor
Mga Punto ng Pag-uusapan sa Pagbangon sa Bagyo nitong Enero 2023 at FAQ – 2/2/23

Mga Punto ng Pag-uusapan

Pangkalahatan

- Ang Lupon ng mga Superbisor ay pormal na nagpahayag ng isang lokal na emerhensiya noong Enero 17 bilang tugon sa pinsala na dulot ng bagyo sa taglamig na naganap mula noong huling bahagi ng Disyembre sa buong unincorporated County.
- Sa pagsasagawa ng aksyong ito, binibigyang-daan ng katayuang pang-emerhensiya ang County na maging karapat-dapat para sa pagpopondo sa tulong sa sakuna – isang mahalagang hakbang sa proseso ng pagbangon.
- Para sa mga nakaranas ng personal na pinsala sa ari-arian, mangyaring makipag-ugnayan sa iyong kompanya ng seguro upang matukoy ang mga available na mapagkukunan.
    - Pakitandaan: Ang Public Works ay hindi nag-aalis ng mga basura o naglilinis ng pribadong ari-arian.
- Contra Costa County ay naaprubahan para sa Individual Assistance (IA). Ang mga residente ay maaaring direktang mag-aplay sa pamamagitan ng FEMA para sa tulong pinansyal sa www.disasterassistance.gov o tumawag sa 1-800-621-3362.

Public Assistance

- Noong Enero 24, ang Federal Emergency Management Agency (FEMA) at ang California Office of Emergency Services (Cal OES) ay nagsagawa ng paunang pagtatasa ng pinsalang dulot ng mga bagyo noong Enero sa Contra Costa County. Ang kabuuan ng pagtatasa na $43 milyon ay ipinadala sa FEMA sa Washington D.C. para sa pagsusuri at opisyal na pagpapasiya kung ang Contra Costa County ay kwalipikado para sa Pampublikong Tulong.
- Mula sa 58 na mga county ng California, 48 ang sumusunod sa parehong proseso.
- Ang Programang Pampublikong Tulong ng FEMA ay nagbibigay ng mga karagdagang gawad sa estado, tribo, teritoryo, at lokal na pamahalaan, at ilang partikular na uri ng pribadong nonprofit upang ang mga komunidad ay makatugon at makabangon mula sa malalaking sakuna o emerhensiya.
- Pagkatapos ng isang kaganapan tulad ng isang matinding bagyo, ang mga organisasyon ng gobyerno ay nangangailangan ng tulong upang mabayaran ang kanilang mga gastos para sa pag-alis ng mga basura, mga hakbang na pang-emerhensiyang proteksiyon na nagliligtas-buhay, at pagpapanumbalik ng pampublikong imprastraktura.
- Ang Emergency Management Assistance Compact – isang sangay ng Homeland Security – ay nagpadala ng isang kinatawan upang tulungan ang County sa pagpapasimula ng proseso ng Pampublikong Tulong. Narito ang kinatawan sa loob ng 20 araw ng negosyo upang suportahan ang ating mga hurisdiksyon at mga espesyal na distrito simula sa Enero 30.

Individual Assistance (IA) at Small Business Administration (SBA)

Contra Costa County
Lupon ng mga Superbisor
Mga Punto ng Pag-uusapan sa Pagbangon sa Bagyo nitong Enero 2023 at FAQ – 2/2/23

- Mula Enero 29 hanggang Enero 30, nagsagawa ang FEMA at Cal OES ng paunang pagtatasa ng pinsala para sa Individual Assistance.
- Noong Pebrero 2, inaprubahan ang Contra Costa County para sa Indibidwal na Individual Aid (IA).
- Nagbibigay ang FEMA ng Indibidwal na Tulong sa mga karapat-dapat na indibidwal at sambahayan na nakaranas ng mga pagkalugi bilang direktang resulta ng isang sakuna na tumatanggap ng pederal na deklarasyon ng kalamidad.
- Dahil nakatanggap ang County ng deklarasyon ng IA, ang mga residente ay maaaring direktang mag-aplay para sa tulong pinansyal sa pamamagitan ng FEMA sa www.disasterassistance.gov o tumawag sa 1-800-621-3362. Dapat mag-apply ang mga residente at pagkatapos ay susuriin at maaprubahan ng FEMA ang kanilang mga aplikasyon.
- Bilang partner sa FEMA, ang Small Business Administration (SBA) ay nag-aalok ng mababang interes na mga pautang sa kalamidad sa mga negosyo sa lahat ng laki, nonprofit, may-ari ng bahay, at nangungupahan.
- Ang paunang pagtatasa ng pinsala na isinagawa ay tutukuyin kung ang County ay kwalipikado para sa Physical Damage Loan Assistant at Economic Injury Disaster Loan mula sa SBA.
    - Ang mga pautang sa kalamidad sa SBA na mababa ang interes ay available kapag hindi bababa sa 25 na mga tahanan at/o mga negosyo sa isang county ang nakaranas ng hindi bababa sa 40 porsiyento o higit pa sa mga pagkalugi na hindi nakaseguro. Kasama sa mga tahanan at negosyo, kabilang din ang mga umuupa at mga negosyong nakabase sa bahay. Ang isang paupahang ari-arian ay mabibilang bilang isang negosyo at bilang isang umuupa. Ang isang bahay bakasyunan na nagsisilbing pangalawang tahanan ay hindi mapapabilang; gayunpaman, mapapabilang ang isang bahay bakasyunan na ginamit bilang paupahang ari-arian.

FAQ:

Napinsala ang aking ari-arian; anong gagawin ko?
Para sa mga nakaranas ng personal na pinsala sa ari-arian, mangyaring makipag-ugnayan muna sa iyong kompanya ng seguro upang matukoy kung anong mga mapagkukunan ang maaaring available. Alamin pa ang ibang mga pinsala at kunan ng mga larawan ang pinsala sa istruktura at bahagi. Tinitingnan din ng County ang mga available na mapagkukunan. Pakitandaan na ang Public Works ay hindi nag-aalis ng mga basura o naglilinis ng pribadong ari-arian.

Kung ang iyong ari-arian o negosyo ay nasa unincorporated Contra Costa County at mayroon kang mga katanungan, mangyaring mag-email sa DisasterRecovery@so.cccounty.us.

Kailan darating ang mga inspektor ng pinsala mula sa FEMA upang tasahin ang ating komunidad, at ano ang ibig sabihin ng kanilang mga ginagawang pagsisikap para sa ating pagbangon?
Noong huling bahagi ng Enero 2023, ang Federal Emergency Management Agency (FEMA) at ang California Office of Emergency Services (Cal OES) ay nagsagawa ng mga paunang pagsusuri ng pinsalang dulot ng mga bagyo noong Enero sa Contra Costa County.

Contra Costa County
Lupon ng mga Superbisor
Mga Punto ng Pag-uusapan sa Pagbangon sa Bagyo nitong Enero 2023 at FAQ – 2/2/23

Magbibigay ang FEMA ng opisyal na desisyon kung ang Contra Costa County ay kwalipikado para sa Public Assistance at iba pang mga pondo sa pagbangon mula sa bagyo. Sa kasalukuyan, ang Contra Costa County ay naaprubahan para sa Individual Assistance (IA). Ang mga residente ay maaaring direktang mag-aplay sa pamamagitan ng FEMA para sa tulong pinansyal sa www.disasterassistance.gov o tumawag sa 1-800-621-3362. Dapat mag-apply ang mga residente at pagkatapos ay susuriin at maaprubahan ng FEMA ang kanilang mga aplikasyon.

Ano ang kasalukuyang epekto sa pananalapi sa county?
Ang ating paunang pagtatantya ng malawakang epekto sa buong county, kabilang ang mga unicorporated na lugar, ay humigit-kumulang sa $43 milyon na lilinising basura at kalsada. Inaasahan nating magbabago ang bilang na ito habang ginagawa ang mga karagdagang pagtatasa. Tayo ay magbabahagi ng higit pang impormasyon kapag naging available na ito.

Kailan available ang indibidwal an tulong pinansyal?
Noong Pebrero 2, inaprubahan ang Contra Costa County para sa Indibidwal na Individual Aid (IA). Nagbibigay ang FEMA ng Individual Assistant sa mga karapat-dapat na indibidwal at sambahayan na nakaranas ng mga pagkalugi bilang direktang resulta ng isang sakuna na tumatanggap ng pederal na deklarasyon ng kalamidad.

Dahil nakatanggap ang County ng deklarasyon ng IA, maaaring mag-aplay ang mga residente para sa mga programa nang direkta sa pamamagitan ng FEMA sa www.disasterassistance.gov. Dapat mag-apply ang mga residente at pagkatapos ay susuriin at maaprubahan ng FEMA ang kanilang mga aplikasyon.

Paano ko dapat paghandaan ang mga parating na bagyo?
Mag-sign up para sa mga alerto na emergency sa pamamagitan ng Community Warning System sa www.CWSAlerts.com. Bigyang-pansin ang mga pagtataya at kondisyon ng panahon kung bumabyahe ka. Tiyaking may emergency kit ka para sa lahat sa iyong sambahayan na may nakalagay na pagkain, damit, at mahahalagang suplay na tatagal sa loob ng tatlong araw. Gayundin, palagiin na suriin ang iyong saklaw ng seguro upang makatulong na matiyak na ang iyong mga pag-aari, iyong ari-arian, at ang iyong mga mahal sa buhay ay protektado.